

Sa mga mambabasa ng AB: Ang sumusunod ay pagtutuwid sa ika-4 at ika-5 parapo sa pahina 5 sa isyung Hunyo 2001, Bolum 30, Bilang 6. Ang artikulo ay hinggil sa Power Reform Act. Kagyat na muling ilalabas ang itinuwid na kopya ng isyu. Taglay na ng mga pagsasalin sa Bisaya, English at Hiligaynon ang gayong pagtutuwid. Hinihingi namin ang inyong paumanhin.

-Ang Patnugutan

"Sa kabilang pagsasapribado ng Napocor, ang mga utang nito na umaabot sa P900 bilyon ay patuloy na papasanin ng mamamayan. Sa kasalukuyan, \$4.5 bilyon lamang ang halaga ng Napocor samantalang \$6.7 bilyon ang utang nito. Bahagi lamang ng utang ng Napccor ang mapupunan sa pamamagitan ng pagbebenta nito. Dagdag dito ang halos P480 bilyong stranded contract costs ng Napocor. Ang stranded contract costs ay ang higit isang pisong kaibahan sa presyo ng kuryente ng Napocor sa presyo ng mga independiyenteng pribadong prodyuser ng kuryente (IPP) na kakontrata ng Napocor.

Higit dito, magpapataw ang reaksyunaryong gubyerno ng panibagong buwis, ang "universal charge" sa lahat ng mga konsyumer ng kuryente upang bayaran hindi lamang ang mga utang at stranded contract costs ng Napocor kundi pati ng Meralco at iba pang "kwalipadong utility sa distribusyon sa "proseso ng pagpapatupad ng batas". Bahagi rito ang P200 bilyong utang ng Napocor na kunway inako ng gubyerno. Sa aktwal, ang pangungulekta ng gubyerno ng "universal charge" para sa mga IPP ay isang tipo ng subsidy na ibinibigay upang matiyak ang kanilang tubo. Sa kasalukuyan, ang stranded contract costs ay ipinapataw sa mamamayan sa pamamagitan ng purchased power adjustment (PPA o adyastment sa singil para sa kuryenteng binibili mula sa IPP)."